



Ito ang Ating Lungsod. Ito ang Ating Kompanya ng Enerhiya. Panahon Na.

Ang Sumisiglang Panawagan para sa
Pampublikong Kompanya ng Enerhiya
sa San Francisco

Nagkakaisa ang San Francisco para suportahan ang mas malinis, mas maaasahan, at mas abot-kayang pampublikong enerhiya.

Matitiyak ng mga taga-San Francisco ang ating kinabukasan na may malinis na enerhiya at tatapusin na ang mga taktika sa pagharang at panginigkil ng PG&E sa pamamagitan ng paglipat sa lokal na pampublikong enerhiya sa pamamagitan ng pampublikong pagmamay-ari ng electric grid sa San Francisco. Nagkakaisa tayo higit kailanman para maisakatuparan ito. Panahon na para bilhin ng Lungsod ang electric grid ng PG&E sa San Francisco.

Ano ang Pampublikong Kompanya ng Enerhiya?

- Ang mga utility ng pampublikong kompanya ng enerhiya ay pagmamay-ari ng komunidad na mga not-for-profit electric utility na nagbibigay ng ligtas, abot-kaya, at maaasahang kuryente sa 49 na milyong Amerikano.
- May mahigit sa 2,000 utility ng pampublikong kompanya ng enerhiya sa buong United States, kasama na ang mahigit sa 50 utility na nasa California.
- Kasalukuyang nagbibigay ng serbisyo ang mga pampublikong kompanya ng enerhiya sa mga lungsod ng Los Angeles, Sacramento, Palo Alto at Alameda.
- Pinapatakbo ng mga lokal na pamahalaan ang mga utility ng pampublikong kompanya ng enerhiya at direktang may pananagutan sa mga taong kanilang binibigyan ng serbisyo sa pamamagitan ng mga lokal na inihalal o itinalagang opisyal.



May Pampublikong Kompanya ng Enerhiya ba ang San Francisco?

- Ang San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) ay isang departamento ng Lungsod na nagbibigay ng malinis, ligtas, at maaasahang pampublikong enerhiya sa loob ng mahigit 100 taon.
- Sa pamamagitan ng Hetch Hetchy Power, nagbibigay ng serbisyo ang SFPUC sa San Francisco gamit ang pampublikong kompanya ng enerhiya na 100% walang greenhouse gas, na nagbibigay ng enerhiya sa mahahalagang pasilidad ng bayan gaya ng ating airport, mga ilaw sa kalsada, pangkalahatang ospital, mga pampublikong aklatan, at Muni, pati na rin sa mga pampubliko at abot-kayang site ng pabahay at mga bagong pagpapaunlad gaya ng Salesforce Transit Center.

- Nagbibigay rin ang SFPUC ng pampublikong enerhiya sa pamamagitan ng CleanPowerSF, isang community choice aggregation (CCA) program na bumibili ng malinis at renewable na kuryente para sa 385,000 customer nito.
- Sama-sama, ibinibigay ng Hetch Hetchy Power at CleanPowerSF ang mahigit 70% ng kuryenteng kinokonsumo sa San Francisco ngayon.
- Ang hindi kontrolado ng SFPUC ay ang electric grid sa San Francisco. Pag-aari ito ng PG&E, na nagsisilbing monopolyong middleman, na nagpapataas ng mga presyo at nagpapaantala ng mga pampublikong proyekto gaya ng mga paaralan, medikal na pasilidad, at aklatan.

Ano ang mga Benepisyong ng Pampublikong Kompanya ng Enerhiya?

- **Abot-kaya:** Sinisigurado ng pampublikong kompanya ng enerhiya ang mas abot-kayang presyo dahil hindi ito nangangailangan na magkaroon ng mga shareholder dividend, executive bonus, o mga dagdag na gastos para kumita.
- **Malinis:** Ang diskarte ng SFPUC sa pampublikong kompanya ng enerhiya ay mas makakalikasan, sang-ayon sa mga pinapahalagahan ng San Francisco. Ang ganap na pampublikong kompanya ng enerhiya ay magbibigay sa Lungsod ng mas malinis at mas mabilis na paraan para makamit ang 100 porsyentong malinis na enerhiya at pagbibigay ng iba pang benepisyong sa mga residente, gaya ng mga charging station ng de-kuryenteng sasakyan sa sambahayan.
- **Ligtas at Maaasahan:** Kapag ganap na pampubliko ang kompanya ng kuryente, puwedeng makipag-partner ang SFPUC sa komunidad para i-explore ang pamumuhunan sa higit pang resource para gawing mas matatag ang grid ng Lungsod, na may storage ng baterya, lokal na imprastruktura, renewable, undergrounding, at modernisasyon para makapagbigay ng mas de-kalidad na serbisyo ng kuryente sa San Francisco.
- **Maa-access at May Panangutan:** Pinapatakbo at pinamamahalaan ng Board of Supervisors at Mayor, magbibigay ng serbisyo ang mga pampublikong kompanya ng enerhiya ng SFPUC sa mga taga-San Francisco, hindi sa mga shareholder. Isinasagawa ang mga desisyon sa mga pampublikong pagpupulong na nagbibigay-daan para mapakinggan ang mga opinyon ng mga residente.

Pagpapalawak ng Pampublikong Kompanya ng Enerhiya sa San Francisco

- Patuloy na pinahihirapan ng PG&E ang Lungsod sa paghahatid nito ng serbisyo ng pampublikong enerhiya ngayon. Ang kompanya ay patuloy na nagpapatupad ng mga hindi kinakailangang limitasyon at gastos sa paggamit ng San Francisco ng lokal na electric grid, nagpapatupad ng mga balakid, at naniningil ng napakatataas na bayarin para sa mga karaniwang pagpapakabit ng enerhiya mula sa abot-kayang pabahay hanggang sa mga bagong proyekto ng pampublikong sasakyan.
- Dahil sa paghadlang ng PG&E, mahigit sa \$28 milyon ang nagastos ng Lungsod simula 2018 para sa mga karagdagang gastos sa kagamitan, gastos sa pagkaantala, gastos sa muling pagdidisenyo, nawalang kita kapag napipilitang maging mga customer ng PG&E ang mga proyekto, at mas mataas na gastos sa enerhiya dahil sa mas matataas na rate ng PG&E.
- Ngayon higit kailanman, natural lang na kontrolin natin ang ating enerhiya sa ilalim ng iisa, lokal, at pampublikong sistema na magiging abot-kaya, maaasahan, at may panangutan sa publiko.
- Sinusuportahan ni Mayor Breed at ng Board of Supervisors, nagkaisa ang mga pinuno ng Lungsod para sa ating sama-samang pagpapahalaga sa pagiging transparent at lokal na kontrol. Bukod pa roon,



sinusuportahan din ng mahigit sa 70% ng mga taga-San Francisco ang paglipat sa pampublikong kompanya ng enerhiya.

Sumali sa Panawagan

- Mag-sign up para sa mga update sa paghadlang ng PG&E at mga pagsisikap ng San Francisco para sa pampublikong kompanya ng enerhiya: www.publicpowersf.org
- I-follow kami sa social media para mag-share at mag-like ng mga post: [@publicpowersf](https://twitter.com/publicpowersf)
- Humiling ng presentation sa inyong organisasyon sa komunidad o kapit-bahayan: publicpower@sflower.org



Hetch Hetchy
POWER CleanPowerSF

Ang Hetch Hetchy Power at CleanPowerSF ay mga programa ng San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC), isang enterprise na departamento ng Lungsod at County ng San Francisco.